

## Ang aming mga serbisyo ay libre:

Mga Reklamo

Advocacy

Mga karapatan

Edukasyon

Ang Advocate ay hindi bahagi ng provincial health authority, ospital, klinik o treatment team.

Tagalog

**Mental Health Patient Advocate**
**Paano makokontak:**

**Telepono:**
**Sa paligid ng Edmonton**
**780-422-1812**
**Sa labas ng Edmonton**
**libre 310-0000**

Sulatan:
Alberta Health Advocates Office
Mental Health Advocate
106th Street Tower - 9th Floor
10055 -106th Street
Edmonton, AB T5J 2Y2
Fax: 780-422-0695

Bisitahin ang aming website sa
www.albertahealthadvocates.ca

AHA ALBERTA HEALTH ADVOCATES Mental Health



# Naririto Kami Upang Tulungan Ka

## May mga Katanungan o Alalahanin?

Mayroon kang mga **KARAPATAN**.

Magtulungan tayo upang maghanap ng mga sagot.

Sa paligid ng Edmonton
780-422-1812

Sa labas ng Edmonton
libre 310-0000

AHA ALBERTA HEALTH ADVOCATES Mental Health



## Paano ba ako matutulungan ng Mental Health Patient Advocate bilang pasyente, kapamilya, o health care provider?

Ang Advocate ay tumutulong sa mga taong tumatanggap ng pangangalaga sa ilalim ng isa o dalawang admission o renewal certificate o sa ilalim ng isang community treatment order (CTO: community treatment order) sa ilalim ng Mental Health Act, at sinumang kumikilos para sa kapakanan ng isang tao.

Ang Advocate ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga karapatan, nag-iimbestiga ng mga reklamo, nagsasaayos ng mga alalahanin, at nagbibigay ng mga presentation tungkol sa aming opisina at batas ng Alberta tungkol sa pangkaisipang kalusugan, at nakikipagtulungan sa iba upang pahusayin ang karanasan ng pasyente at pamilya sa pangangalaga sa mental health.

Ang lahat ng mga imbestigasyon ay ginagawa nang pribado. Hindi namin ibinabahagi ang impormasyon na nakuha sa isang imbestigasyon maliban kung iniaatas ng batas o ito'y bahagi ng mga tungkulin ng Mental Health Patient Advocate.

## Ano ang ilan sa mga karapatan ng mga pasyenteng na-detain (puwersang pinananatili sa ospital) sa ospital sa ilalim ng dalawang admission o renewal certificates o mga karapatan ng mga tao sa ilalim ng isang CTO?

- Ang makatanggap ng impormasyon tungkol sa kanilang mga sertipiko o CTO
- Ang mag-aplay sa Review Panel upang kanselahin ang kanilang mga sertipiko o CTO
- Ang umapela sa anumang desisyon ng Review Panel sa Court of Queen's Bench
- Ang humingi ng impormasyon mula sa kanilang mga health record
- Ang masabihan na ang kanilang detention o CTO ay tapos na
- Ang kumontak sa isang abogado
- Ang kumontak sa Mental Health Patient Advocate

## Ano ang ilan sa mga karapatan ng mga pamilya na may kapamilya sa ilalim ng dalawang admission o renewal certificates o sa ilalim ng isang CTO?

- Ang makatanggap ng impormasyon tungkol sa detention ng pasyente sa ospital at discharge kung sila ang pinakamalapit na kamag-anak, maliban kung hindi sumasang-ayon ang pasyente
- Ang mag-aplay sa Review Panel na kanselahin ang certificates o CTO
- Ang magbigay ng pahintulot sa isang CTO sa ilang mga pangyayari
- Ang makatanggap ng impormasyon tungkol sa CTO kung ang kapamilya ay tinanggap nang gumawa ng mga desisyon ukol sa treatment
- Ang magbigay o tumanggap ng impormasyon ukol sa kalusugan ngpasyente alinsunod sa batas
- Ang kumontak sa Mental Health Patient Advocate

ALBERTA HEALTH ADVOCATES
Mental Health